	<ul style="list-style-type: none"> ● isang paglalarawan sa bahagi ng umaangkop na pamamahala ng plano sa pamamahala, kabilang ang paglalarawan kung paano maaaring iakma ang pamamahala depende sa pagbabago ng klima o iba pang mga pagbabago sa mga kondisyon ng lugar at ang proseso kung saan gagawin at ipatutupad ang mga desisyon sa umaangkop na pamamahala, pati na rin ang mga hakbang sa anumang mangyari para sa mga elemento ng pagpapagaan na hindi nakakatugon sa pamantayan sa pagganap; at ● isang paglalarawan sa mekanismo ng pagpopondo para sa pangmatagalang pagpapanatili at pagsubaybay sa mga lupain ng pagpapagaan. 	
<p>Epekto 3.4-5: Ang mga aktibidad sa proyekto ay magreresulta sa masasamang epekto sa mga tiger salamander sa California (CTS) at sa kanilang tirahan.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-5a:Dapat ipatupad ng Aplikante ang lahat ng mga hakbang sa pag-iwas sa epekto at pagpapagaan na inilarawan sa mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-4a at 3.4-4b para sa CRLF upang mabawasan ang mga epekto sa CTS, at dapat kumonsulta sa CDFW (hal., para sa pag-apruba ng mga biologist at relokasyon na lugar, at para sa mga kondisyon ng pag-apruba kung saan walang pagkuha ng indibidwal na CTS ang inaasahang magaganap sa loob ng isang lugar at hindi na kailangan ang pagsubaybay sa lugar ng kwalipikadong biologist) bukod sa County at USFWS para sa lahat ng mga hakbang na kinasasangkutan ng CTS.</p> <p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-5b:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bago ang pagsisimula ng mga epekto, tutukuyin ng isang kwalipikadong biologist ang lawak ng mga epekto sa tirahan ng CTS batay sa acre ng lahat ng hindi napaunlad na tirahan na maaapektuhan. 2. Ang Aplikante ay dapat magbigay ng pagpapagaan upang mabayaran ang mga hindi maiiwasang epekto sa lugar na hindi pagpaparamihan ng CTS (hal., tirahan sa lupain at hindi para sa pagpaparami na tirahan ng buhay sa tubig) sa pamamagitan ng pagpreserba, pamamahala, at pagpapahusay (hal., sa pamamagitan ng pangmatagalang pamamahala na naka-target sa mga species na ito) ng mataas na kalidad na tirahan na inookupahan na ng CTS sa ratio na hindi bababa sa 1:1 (pagpapagaan:epekto), sa acre na batayan, o bilang natukoy sa pamamagitan ng proseso ng konsultasyon at/o pagpapahintulot sa USFWS at CDFW. Ang 1:1 na ratio ng pagpapagaan na ito ay hindi mas mababa dahil inaasahang naroroon sa lugar ng Proyekto ang CTS kahit sa mababang mga bilang, upang ang 1:1 na mitigation ratio ng pagpapagaan ay ituturing na kinakailangan upang mabawasan ang mga epekto ng Proyekto, ngunit hindi ito mas mataas dahil naidokumento ng mga survey na mahirap makuha ang mga species sa lugar ng Proyekto (upang ang mga epekto ng Proyekto sa populasyon ng species na ito ay magiging mababa), at maibabalik ang mga lugar ng Proyekto sa mga kondisyon na angkop para sa CTS pagkatapos ng pagkakumpleto ng pagmimina. Kung naitala ng CTS ang matagumpay na pagdami sa stock na danaw sa lugar ng Yugto 2 na geotechnical na setback at ang danaw na iyon ay kasunod na naapektuhan, o ang danaw na katabi ng lugar ng Yugto 4 na minahan na hindi direktang maaapektuhan bilang resulta ng pagbawas sa watershed ng danaw, ang Aplikante ay dapat magbigay ng pagpapagaan para sa mga epekto sa mga tirahan para sa pagpaparami sa ratio na hindi bababa sa 1:1, sa acre na batayan, o bilang natukoy sa pamamagitan ng proseso ng konsultasyon at/o pagpapahintulot kasama ang USFWS at CDFW; ang pagpapagaan para sa nawalang tirahan para sa pagpapadami ay dapat binubuo ng paglikha, pangangalaga, at pamamahala ng tirahan para sa pagpaparami ng CTS. Ang parehong mga lugar ng pagpapagaan na itinatag para sa CRLF ay maaaring gamitin para sa CTS kung ang parehong mga species ay dokumentado na naroroon. <p>Ang unang prioridad para sa mga lugar ng may kabayang pagpapagaan ay ang mga lugar na matatagpuan sa Sargent Ranch. Ang pagpapagaan sa labas ng lugar ay dapat lamang gamitin kung ang pagpapagaan sa loob ng lugar ay hindi maaaring ganap na mabayaran ang mga pagkawala ng tirahan.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>3. Ang HMMP na inilarawan para sa CRLF sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-6 ay maglalarawan din ng mga hakbang na dapat gawin upang mapamahalaan ang nilikha/pinahusay na tirahan at upang masubaybayan ang mga epekto ng pamamahala sa CTS. Ang HMMP ay dapat maisumite sa Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaulad ng County para sa pagsusuri at pag-apruba bago magsimula ang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa. Ang County ay maaaring magpanatili ng isang kwalipikadong biologist na gastos ng Aplikante upang masuri ang HMMP. Kasama sa HMMP ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • isang buod ng mga epekto sa tirahan at mga populasyon ng CTS, at ang iminungkahing pagpapagaan; • isang paglalarawan sa lokasyon at mga hangganan ng lugar ng pagpapagaan at paglalarawan sa mga umiiral na kundisyon ng lugar; • isang paglalarawan sa mga hakbang na isasagawa kung kinakailangan upang mapahusay (hal., sa pamamagitan ng nakatutok na pamamahala) ang lugar ng pagpapagaan para sa CTS, kabilang ang paglikha ng bagong tirahan para sa pagpaparami (kung ang Proyekto ay nakakaapekto sa mga lugar na kilala na ginamit para sa matagumpay na pagpaparami ng CTS); • iminungkahing mga aktibidad sa pamamahala, tulad ng pinamamahalaang pagpapastol, pamamahala ng mga mapanakop na halaman, mga hakbang na naka-target sa pagpapanatili ng mga populasyon ng naglulunggang mammal, at iba pang mga hakbang upang mapanatili ang mataas na kalidad na tirahan para sa CTS; • isang paglalarawan sa mga hakbang na pagsubaybay sa mga species sa lugar ng pagpapagaan, kabilang ang mga partikular, mga sadya, mga obhetibong nilalayan at layunin (tulad ng pagpapanatili o pagpapataas sa kasaganaan ng CTS o pagpapanatili o pagpapabuti ng pagiging angkop ng tirahan), mga tagapagpahiwatig ng pagganap at pamantayan ng tagumpay (tulad ng pagkakaroon o kasaganaan ng upland refugia), mga paraan ng pagsubaybay (tulad ng sampling ng upland refugia), pagsusuri ng datos, mga kinakailangan sa pag-uulat, at iskedyul ng pagsubaybay. Sa pinakamababa, ang pamantayan sa pagganap ay dapat magsama ng ipinakitang paglitaw ng CTS sa lugar ng pagpapagaan; • isang paglalarawan sa bahagi ng umaangkop na pamamahala ng plano sa pamamahala, kabilang ang paglalarawan kung paano maaaring iakma ang pamamahala depende sa pagbabago ng klima o iba pang mga pagbabago sa mga kondisyon ng lugar at ang proseso kung saan gagawin at ipatutupad ang mga desisyon sa umaangkop na pamamahala, pati na rin ang mga hakbang sa anumang mangyari para sa mga elemento ng pagpapagaan na hindi nakakatugon sa pamantayan sa pagganap; at • isang paglalarawan sa mekanismo ng pagpopondo para sa pangmatagalang pagpapanatili at pagsubaybay sa mga lupain ng pagpapagaan. 	
<p>Epekto 3.4-6: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa mga masamang epekto sa mga pagong sa kanluraning tubigan at ng kanilang tirahan.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-6: Ipatutupad ng Aplikante ang lahat ng mga hakbang sa pag-iwas sa epekto at mga hakbang na pagpapaliit na inilarawan sa mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-3 para sa kalidad ng tubig at 3.4-4a at 3.4-4b para sa CRLF para sa pagong sa kanluraning tubigan, at sasangguni sa CDFW (hal., para sa pag-apruba sa mga biologist at lugar ng reloksyon) bilang karagdagan sa County para sa lahat ng mga hakbang na kinasasangkutan ng species na ito.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>
<p>Epekto 3.4-7: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa mga masamang epekto sa mga burrowing na kuwago at ng kanilang tirahan.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-7: Dapat ipatutupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang (batay sa mga nakapaloob sa Kondisyon 15 ng VHP) bago ang mga aktibidad ng paghukay para sa bawat yugto ng Proyekto (konstruksyon, operasyon, at reklamasyon) upang matiyak na ang mga indibidwal na burrowing na kuwago ay hindi nasaktan o namatay bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>Bago ang anumang paggambala sa lupa na nauugnay sa Proyekto (kabilang ang pag-alis ng mga halaman; pagtatayo ng mga indibidwal na bahagi ng Proyekto, tulad ng mga kalsada, conveyor belt, at imprastruktura ng pagmimina; at paghuhukay sa lupa na nauugnay sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina), ang isang kuwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante ay dapat magsagawa ng mga survey bago ang konstruksyon sa lahat ng angkop na lugar na tirahan ng burrowing na kuwago sa lugar at sa loob ng 250 talampakan ng lugar kung saan iminumungkahi ang paggambala sa lupa. Upang masagad ang posibilidad na makakita ng mga kuwago, ang survey bago ang konstruksyon ay tatagal nang hindi bababa sa tatlong oras. Magsisimula ang survey isang oras bago sumikat ang araw at magpapatuloy hanggang dalawang oras pagkatapos ng pagsikat ng araw (kabuuan ng tatlong oras) o magsisimula dalawang oras bago ang paglubog ng araw at magpapatuloy hanggang isang oras pagkatapos ng paglubog ng araw. Hindi bababa sa dalawang survey ang dapat isagawa (kung ang mga kuwago ay nakita sa unang survey, ang pangalawang survey ay hindi na kailangan). Ang mga kuwago na naobserbahan ay dapat bilangin at ang kanilang lokasyon ay dapat imapa. Ang mga survey ay dapat magtapos nang hindi hihigit sa dalawang araw sa kalendaryo bago ang konstruksyon; kaya, ang mga survey ay dapat magsimula nang hindi bababa sa apat na araw bago ang simula ng konstruksyon, mga operasyon, o mga aktibidad sa reklamasyon (dalawang araw ng pagsurvey at hanggang dalawang araw sa pagitan ng mga survey at konstruksyon).</p> <p>Upang maiwasan ang minamadaling mga pagbabago sa iskedyl na maaaring mangyari kung makahanap ng mga burrowing na kuwago, ang isang paunang survey ay maaaring isagawa hanggang 14 na araw bago ang konstruksyon. Ang paunang survey na ito ay maaaring ibilang na una sa dalawang kinakailangang survey, hanggang ang pangalawang survey ay nagtatapos nang hindi hihigit sa dalawang araw sa kalendaryo bago ang konstruksyon. Kung matukoy ng survey bago ang konstruksyon ang pagkakaroon ng burrowing na mga kuwago sa lugar o sa loob ng 250 talampakan sa lugar, dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang sa pag-iwas.</p> <p>a. Pag-iwas habang nasa Panahon ng Pagpaparami. Kung nakahanap ng ebidensya ng mga burrowing na kuwago sa panahon ng pagpaparami (Pebrero 1 hanggang Agosto 31), lahat ng mga pugad o roosting site na maaaring magambala ng pagtatayo sa Proyekto ay dapat iwasan sa nalalabing panahon ng pagpaparami (kung mananatili ang mga kuwago sa buong panahon ng pagpaparami) o habang ang pugad (i.e., isang lungga na inookupahan sa panahon ng Pebrero 1 hanggang Agosto 31) ay inookupahan ng mga matatanda o kabataan (kabilang sa trabaho ang mga indibidwal o grupo ng pamilya na naghahanap ng pagkain sa o malapit sa lugar pagkatapos ng paglitaw). Bagaman malabong magpugad ang mga burrowing na kuwago sa lugar ng Proyekto, may malayong posibilidad na maganap ang pagpupugad. Ang mga wintering na kuwago sa Santa Clara County ay madalas na nananatili sa pagkalipas na Pebrero 1, kung saan hindi sila maaaring makilala mula sa mga ibon na nagpaparami. Bilang resulta, ang anumang kuwago na naroroon sa pagitan ng Pebrero 1 at Agosto 31 ay ituturing na isang potensyal na magpaparami maliban kung at hanggang sa umalis ito sa lugar.</p> <p>Kasama sa pag-iwas ang pagtatatag ng 250 talampakang agwat na lugar para hindi magambala ang paligid ng mga pugad. Maaaring mangyari ang konstruksyon sa labas ng 250 talampakan na agwat para maiwasan ang pagkagambala. Maaaring maganap ang konstruksyon sa loob ng 250 talampakan na agwat para maiwasan ang pagkagambala sa panahon ng pagpaparami kung hindi naaabala ang pugad, at ang isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante sa Proyekto ay bubuo ng plano sa pag-iwas, pagpapaliit, at pagsubaybay na sinusuri at inaprubahan ng CDFW bago ang pagtatayo ng Proyekto at nakakatugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinusubaybayan ng isang kwalipikadong biologist ang mga kuwago nang hindi bababa sa 3 araw bago ang pagtatayo upang matukoy ang baseline na pagpupugad at pag-uugali sa paghahanap ng pagkain (ibig sabihin, pag-uugali kung walang konstruksiyon). 	

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<ul style="list-style-type: none"> • Sinusubaybayan ng parehong kwalipikadong biologist ang mga kuwago sa panahon ng pagtatayo at walang nakitang pagbabago sa pag-uugali sa pagpupugad at paghahanap ng pagkain ng kuwago bilang tugon sa mga aktibidad sa pagtatayo. • Kung mayroong anumang pagbabago sa pag-uugali ng kuwago sa pagpupugad at paghahanap ng pagkain bilang resulta ng mga aktibidad sa konstruksyon, ang lahat ng aktibidad na nakakagambala ay titigil sa loob ng 250 talampakan na agwat. Hindi dapat ipagpatuloy ang konstruksyon sa loob ng 250 talampakan na agwat hanggang sa ang mga nasa hustong gulang at kabataan mula sa inookupahang lungga ay lumipat sa labas ng lugar ng proyekto at sa 250 talampakan na agwat. • Kung ang pagsubaybay ay nagsasaad na inabandona ang pugad bago matapos ang panahon ng pagpupugad (tulad ng mangyayari kung ang isang wintering na kuwago ay tumagal sa lampas ng Pebrero 1 at pagkatapos ay lumipat sa mga lugar ng pagpaparami nito sa labas ng rehiyon), at hindi na ginagamit ng mga kuwago ang lungga, maaaring alisin ang agwat na lugar para maiwasan ang pagkagambala. Ang kuwalipikadong biologist ay maghuhukay sa lungga upang matiyak na walang mga kuwago na naroroon at upang maiwasan ang muling pagtira pagkatapos matanggap ang pag-apruba mula sa CDFW. <p>b. Pag-iwas habang nasa Panahon ng Hindi Pagpaparami. Sa panahon ng hindi pagpaparami (Setyembre 1 hanggang Enero 31), ang 250 talampakang agwat para sa hindi pagkagambala ay dapat itatag sa paligid ng mga inookupahan na lungga gaya ng tinutukoy ng isang kwalipikadong biologist. Pinapayagan ang mga aktibidad ng pagtatayo sa labas ng 250 talampakang agwat na ito. Ang mga aktibidad sa konstruksyon sa loob ng 250 talampakan na agwat ay pinapayagan kung ang lahat ng sumusunod na pamantayan ay natutugunan upang maiwasan ang mga kuwago na abandonahin ang mahahalagang lugar sa lampas ng taglamig:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinusubaybayan ng isang kwalipikadong biologist ang mga kuwago nang hindi bababa sa tatlong araw bago ang pagtatayo upang matukoy ang baseline na pag-uugali sa paghahanap ng pagkain (ibig sabihin, pag-uugali kung walang konstruksiyon). • Sinusubaybayan ng parehong kwalipikadong biologist ang mga kuwago sa panahon ng konstruksyon at walang nakitang pagbabago sa pag-uugali sa paghahanap ng pagkain ng kuwago bilang tugon sa mga aktibidad sa konstruksyon. • Kung mayroong anumang pagbabago sa pag-uugali ng kuwago sa pagpupugad at paghahanap ng pagkain bilang resulta ng mga aktibidad sa konstruksyon, ang lahat ng aktibidad na nakakagambala ay titigil sa loob ng 250 talampakan na agwat. • Kung ang mga kuwago ay nawala sa hindi bababa sa isang linggo, ang Aplikante sa Proyekto ay maaaring humiling ng pag-apruba mula sa CDFW na ang isang kwalipikadong biologist ay maghuhukay ng mga magagamit na lungga upang maiwasan ang mga kuwago sa muling gamitin ang lugar. Matapos mahukay ang lahat ng magagamit na lungga, aalisin ang lugar na agwat at maaaring magpatuloy ang konstruksyon. Ang pagsubaybay ay dapat na magpatuloy tulad ng inilarawan sa itaas para sa panahon ng hindi pagpaparami hanggang ang lungga ay nananatiling aktibo. <p>c. Pagsubaybay sa Konstruksyon. Batay sa plano ng pag-iwas, pag-minimize, at pagsubaybay na binuo sa panahon ng konstruksyon, ang lahat ng lugar na agwat para maiwasan ang pagkagambala ay dapat itatag at pananatilihin. Dapat susubaybayan ng isang kwalipikadong</p>	

biologist ang lugar na naaayon sa mga kinakailangan na inilarawan sa itaas upang matiyak na ang mga agwat ay naipapatupad at ang mga kuwago ay hindi naaabala. Ang biological na pagsubaybay ay dapat ding magsagawa ng pagsasanay sa mga tauhan sa konstruksyon sa mga pamamaraan ng pag-iwas, mga lugar ng agwat, at mga protokol kung sakaling lumipad ang isang naglulunggang kuwago sa isang aktibong lugar ng konstruksyon o sa loob ng 250 talampakan ng naturang lugar.

- d. Pasibo na Relokasyon. Ang pasibo na relokasyon ay papayagan lamang, nang may pag-apruba ng CDFW, sa panahon ng hindi pagpaparami (Setyembre 1 hanggang Enero 31), at maaaring mangyari lamang kung ang lungga ay kailangang alisin o maaaring gumuho mula sa mga aktibidad sa konstruksyon. Kung pinahihintulutan ng CDFW ang pasibo na relokasyon, ang isang kwalipikadong biologist ay dapat na pasibong ibukod lamang ang mga ibon mula sa kanilang mga lungga sa panahon ng hindi pagpaparami sa pamamagitan ng paglalagay ng mga one-way na pinto sa mga pasukan ng lungga. Ang mga pintuan na ito ay dapat na nakalagay nang hindi bababa sa 48 oras upang matiyak na nakaalis ang mga kuwago sa lungga, at pagkatapos ay dapat maghukay ang kwalipikadong biologist ng lungga upang maiwasan ang muling pagtira. Ang mga lungga ay dapat na mahukay gamit ang mga kagamitang mano-mano. Sa panahon ng paghuhukay, ang isang ruta para sa pagtakas ay dapat panatilihin sa lahat ng oras. Maaaring kabilang dito ang pagpasok ng isang artipisyal na istraktura sa lungga upang maiwasan ang pagbagsak ng ibabaw ng lungga at mabitag ang mga kuwago sa loob.

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
<p>Epekto 3.4-8: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa mga masamang epekto sa mga tatlo ang kulay na mga blackbird at ng kanilang tirahan.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-8a:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang (batay sa mga nakapaloob sa Kondisyon 17 ng VHP) bago ang mga aktibidad ng paghukay para sa bawat yugto ng Proyekto (konstruksyon, operasyon, at reklamasyon) upang matiyak na ang mga aktibong kolonya ng tricolored blackbird, kabilang ang mga aktibong pugad, mga itlog, at sisiw, ay hindi mawala bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bago ang pagsisimula ng anumang paggambala sa lupa, pag-alis ng mga halaman, o iba pang aktibidad na kinasasangkutan ng mga epekto sa tirahan o paggalaw ng mga tauhan ng Proyekto, sasakyan, o mabibigat na kagamitan para sa pagtatayo o para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina na magaganap sa pagitan ng Marso 15 at Hulyo 31, ang isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante ay magsasagawa ng mga survey bago ang pagtatayo sa lahat ng angkop na mga lugar na tirahan ng blackbird na may tatlong kulay sa lugar at sa loob ng 250 talampakan ng lugar kung saan iminumungkahi ang mga aktibidad sa pagtatayo o pagpapatakbo. Ang survey ay isasagawa nang hindi hihigit sa dalawang araw ng kalendaryo bago magsimula ang konstruksiyon o aktibidad sa pagpapatakbo. Upang maiwasan ang madaliang pagbabago sa iskedyul na maaaring mangyari kung ang isang aktibong pugad (ibig sabihin, isang pugad na nasa ilalim ng konstruksyon o naglalaman ng mga itlog o mga sisiw) ay natagpuan, ang Aplikante ng Proyekto ay maaari ding magsagawa ng isang paunang survey higit sa dalawang araw sa kalendaryo bago ang simula ng konstruksyon, pagpapatakbo, at mga aktibidad sa reklamasyon. 2. Kung ang anumang umuusbong na halamanan ay mabuo sa ilalim ng isang aktibong hukay ng minahan (ibig sabihin, isa na hindi pa sumasailalim sa kumpletong reklamasyon), at higit sa isang linggo na hindi aktibo sa loob ng 250 talampakan mula sa lumilitaw na mga halaman na iyon ay nangyayari sa panahon ng pagpaparami (Marso 15-Hulyo 31), ang isang kwalipikadong biologist ay magsasagawa ng isang survey para sa pagpupugad ng may tatlong kulay na blackbird bago ang pagsisimula ng anumang kasunod na aktibidad ng Proyekto sa loob ng 250 talampakan kung saan lumilitaw ang halamanan. 3. Kung mayroong kolonya para sa pagpupugad ng tatlo ang kulay na blackbird, imamapa ng kwalipikadong biologist ang lawak ng angkop na tirahan para sa pagpupugad kung saan nagaganap ang pagpupugad (maaaring lumampas ang angkop na tirahan na ito sa mga lokasyon ng aktwal na mga pugad). Maglalagay ng 250 talampakang agwat sa pagitan ng gilid ng tirahan para sa pagpupugad at sa mga aktibidad ng Proyekto. Ang agwat na ito ay maaaring mabawasan sa mga lugar na may siksik na kagubatan o iba pang mga katangian ng tirahan sa pagitan ng mga aktibidad sa pagtatayo at aktibong kolonya para sa pagpupugad, o kung saan may sapat na topographic relief upang maprotektahan ang kolonya mula sa labis na ingay o pagkagambala sa paningin. Depende sa mga katangian ng lugar, ang pagkasensitibo ng kolonya, at ang mga nakapaligid na paggamit ng lupa, ang agwat na lugar ay maaari ding tumaas nang higit sa 250 talampakan. 4. Kung ang mga aktibidad sa pagtatayo o pagpapatakbo ay magaganap sa panahon ng pagpaparami kung kailan mayroong aktibong kolonya, susubaybayan ng isang kwalipikadong biologist ang mga aktibidad na ito upang matiyak na naipapatupad ang 250 talampakang agwat na lugar. Kung ang pagsubaybay ay nagpapahiwatig na nakakaapekto ang mga aktibidad ng Proyekto sa labas ng agwat sa isang kolonya para sa pagpaparami, ang agwat ay itataas kung may espasyo (hal., paglipat ng mga lugar ng trabaho sa mas malayong lugar). Kung hindi pahihintulutan ng espasyo, ang mga aktibidad ng Proyekto na nagdudulot ng pagkagambala sa kolonya ay titigil hanggang sa lumaki ang mga sisiw o hanggang sa katapusan ng panahon ng pagpaparami, alinman ang mauna. Ang biolohikal na pagsubaybay ay dapat ding magsagawa ng pagsasanay sa mga tauhan sa konstruksyon sa mga pamamaraan ng pag-iwas, mga lugar ng agwat, at mga protokol kung sakaling lumipad ang tatlo ang kulay na mga blackbird sa isang aktibong lugar ng konstruksyon (i.e., sa labas ng agwat na lugar). 	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-8b:Kung ang pagtatayo o mga aktibidad sa pagpapatakbo ng Proyekto ay magreresulta sa mga direktang epekto (sa labas ng panahon ng pagpaparami) sa tirahan para sa pagpupugad na kilalang sumuporta sa pagpupugad na tatlo ang kulay na blackbird sa loob ng nakaraang limang taon (tulad ng natukoy sa CNDDDB, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na eksperto, at mga survey bago ang aktibidad ng Proyekto sa mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-8a), ibibigay ang compensatory mitigation para sa pagkawala ng tirahan para sa pagpupugad. Bago magsimula ang mga epekto sa tirahan para sa pagpupugad na iyon, tutukuyin ng isang kwalipikadong biologist ang ektarya ng tirahan para sa pagpupugad (tirahan na ginamit ng mga nagpupugad na blackbird sa nakaraang limang taon) na maaapektuhan. Ipagkakaloob ang compensatory mitigation sa anyo ng pag-iingat o paglikha ng tirahan sa ratio na 1:1 (sa acre na batayan) at dapat ilarawan sa loob ng HMMP ng Proyekto na inihanda para sa CRLF at CTS gaya ng inilarawan sa mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-4c at 3.4-5b. Unang prioridad para sa mga lugar ng may kabayang pagpapagaan ang mga lugar na matatagpuan sa Sargent Ranch. Ang pagpapagaan sa labas ng lugar ay dapat lamang gamitin kung ang pagpapagaan sa loob ng lugar ay hindi maaaring ganap na mabayaran ang mga pagkawala ng tirahan.</p> <p>Ang tirahan na pananatilihin o gagawin ay dapat maglaman ng hindi bababa sa kaparehong acre ng angkop na tirahan para sa pagpupugad para sa may tatlong kulay na blackbird sa dami ng nawalang acre ng tirahan para sa pagpupugad, at ang pagiging angkop ng tirahan na iyon para sa pagpupugad ay dapat na maberipika ng isang kwalipikadong biologist at masuri at maaprubahan ng Departamento sa Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County. Ang isang kaginhawaan sa proteksyon ng tirahan na tumitiyak na ang paggamit at pagpapaunlad ng lugar ng compensatory mitigation ay aayon sa layuning ito magpakailanman ay ibibigay ng Aplikante sa County o iba pang kwalipikadong entidad na inaprubahan ng County.</p>	
<p>Epekto 3.4-9: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa masamang epekto sa iba pang espesyal ang katayuan at protektadong mga ibon at sa kanilang tirahan.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-9:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang bago ang anumang paggambala sa lupa, pag-alis ng mga halaman, o iba pang aktibidad na kinasasangkutan ng mga epekto sa tirahan o paggalaw ng mga tauhan ng Proyekto, sasakyan, o mabibigat na kagamitan para sa pagtatayo, para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina, at para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa reklamasyon upang matiyak na ang mga aktibong pugad, itlog, at mga anak ng mga protektadong ibon ay hindi mawawala bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p> <p>a. Hanggang magagawa, ang mga aktibidad sa pagtatayo, pagpapatakbo, at reklamasyon na may kinalaman sa pag-alis ng mga halaman o paghuhukay, o na nagaganap malapit sa mga makahoy o kagubatan na tirahan na malamang na sumusuporta sa malaking bilang ng mga nagpupugad na ibon, ay dapat simulan sa panahon ng hindi pagpaparami para sa mga ibon (karaniwan ay Setyembre 1 hanggang Enero 31). Kung ang mga aktibidad na ito ay naka-iskedyul na maganap sa labas ng panahon ng pagpugad, ang mga epekto sa mga aktibong pugad ng mga ibon na protektado sa ilalim ng MBTA at California Fish and Game Code ay maiiwasan.</p> <p>b. Bago ang pagsisimula ng anumang paggambala sa lupa, pag-aalis ng halamanan, o iba pang aktibidad na kinasasangkutan ng mga epekto sa tirahan o paggalaw ng mga tauhan ng Proyekto, sasakyan, o mabibigat na kagamitan para sa mga aktibidad ng Proyekto na nagaganap sa pagitan ng Pebrero 1 at Agosto 31, ang isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante ay magsasagawa ng survey bago ang konstruksyon para sa mga nagpupugad na ibon. Saklaw ng survey ang mga bahagi ng lugar ng Proyekto kung saan sisimulan ang mga aktibidad sa konstruksyon/pagpapatakbo pati na rin ang 1 milya na agwat para sa mga nagpupugad na agila (kung sakaling ang maaaring magpugad ang mga agila sa paligid sa buong buhay ng Proyekto),</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>250 talampakan na agwat para sa iba pang mga raptor, at 100 talampakan na agwat para sa mga hindi raptor (maliban sa may tatlo ang kulay na blackbird, na binabanggit sa mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-8a at 8b). Sa bawat survey, susuriin ng kwalipikadong biologist ang lahat ng potensyal na tirahan para sa pagpupugad (hal., mga puno, palumpong, damuhan, tubigan, at iba pang pugaran) sa loob ng lugar na direktang apektado at ang mga nabanggit na agwat para sa mga aktibong pugad (ibig sabihin, mga pugad na may mga itlog o sisiw). Ang survey ay isasagawa nang hindi hihigit sa dalawang araw ng kalendaryo bago magsimula ang konstruksiyon o aktibidad sa pagpapatakbo. Upang maiwasan ang madaliang pagbabago sa iskedyul na maaaring mangyari kung ang isang aktibong pugad ay natagpuan, ang Aplikante ng Proyekto ay maaari ding magsagawa ng isang paunang survey nang higit sa dalawang araw sa kalendaryo bago ang konstruksiyon.</p> <p>c. Kung may nakitang aktibong pugad, tutukuyin ng isang kwalipikadong biologist ang lawak ng lugar na agwat para maiwasan ang pagkagambala na itatatag sa paligid ng pugad upang matiyak na hindi ito maaabala sa panahon ng pagpapatupad ng Proyekto. Ang layo ng agwat ay sinusukat bilang diretsong linya na distansya sa pagitan ng aktibong pugad at ng aktibidad. Walang mga aktibidad na nauugnay sa Proyekto na maaaring pisikal na makagambala sa pugad, o anumang mga bagong aktibidad na nauugnay sa Proyekto (ibig sabihin, mga aktibidad na hindi nagpapatuloy noong ginawa ang pugad) malapit sa pugad, ang gagawin sa loob ng agwat hanggang sa lumaki ang mga sisiw o ang pugad ay natukoy na hindi aktibo ng isang kwalipikadong biologist. Ang pamantayang agwat ay karaniwang 100 talampakan para sa mga hindi raptor at 250 talampakan para sa mga raptor maliban sa mga agila (kung saan ang agwat ay maaaring hanggang 1 milya). Maaaring matukoy ng isang kwalipikadong biologist na ang isang pinababang agwat ay katanggap-tanggap, na isinasaalang-alang ang siksik na mga halaman, topograpiya, o mga istruktura na hahadlang sa mga aktibidad ng Proyekto mula sa pagtingin; kasaysayan ng buhay at pag-uugali ng mga species ng ibon na pinag-uusapan; at kalikasan (tulad ng dami ng ingay, pagkagambala ng lupa, o aktibidad ng mga tauhan at kagamitan) ng iminungkahing aktibidad. Kung ipinatupad ang isang pinababang agwat, susubaybayan ng kwalipikadong biologist ang pag-uugali ng ibon sa panahon ng mga aktibidad sa trabaho hanggang sa antas na kinakailangan na matukoy kung ang agwat ay dapat dagdagan.</p>	
<p>Epekto 3.4-10: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa masamang epekto sa mga paniki na may espesyal na katayuan.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-10a:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang bago ang anumang paggambala sa lupa, pag-alis ng mga halaman, o iba pang aktibidad na kinasasangkutan ng mga epekto sa tirahan o paggalaw ng mga tauhan ng Proyekto, sasakyan, o mabibigat na kagamitan para sa pagtatayo o para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina upang matiyak ng aktibong pallid bat maternity roosts ay hindi nasisira o naaabala bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p> <p>1. Ang isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante ay dapat magsagawa ng pagtatasa sa tirahan ng anumang tabing-ilog o oak na kakahuyan sa loob ng lugar ng Proyekto para sa mataas ang kalidad na pallid bat roost sites bago magsimula ang anumang aktibidad na magreresulta sa pagtanggap ng mga puno, paggamit ng mabibigat na kagamitan, o ilaw sa gabi. Ang pagtatasa ng tirahan ay dapat isama sa lahat ng mga lugar na naapektuhan kasama ang nakapaligid na 150 talampakang agwat. Kung ang pagtatasa ng tirahan ang nagpasiya na ang anumang mga punong iminungkahing tanggalin, o sa loob ng 150 talampakan ng mga lugar kung saan paaandarin ang mabibigat na kagamitan o magaganap ang pag-iilaw sa gabi, magbigay ng mataas ang kalidad na tirahan para sa pag-iingat para sa mga pallid bats (hal., malalaking cavity), ang kwalipikadong biologist ay dapat</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

magsagawa ng isang nakapokus na survey upang matukoy ang paglitaw upang matukoy kung ang roost ang inookupahan. Ang survey ay isasagawa sa loob ng 15 araw bago magsimula ang konstruksiyon o mga aktibidad sa pagpapatakbo sa isang partikular na yugto ng Proyekto. Dapat isama sa survey ang pagsubaybay sa mga angkop na cavity sa dapit-hapon, sa isang mainit, tuyo na gabi kung kailan lilitaw ang mga paniki, upang matukoy kung ang mga paniki ay lalabas sa mga roost. Ang mga survey ay maaaring mangailangan ng maraming kwalipikadong biologist at ang paggamit ng mga acoustic na aparatong pangdetekta upang matiyak na ang anumang maputlang paniki ay makikita. Kung walang maputlang paniki ang nakitang lumilitaw sa panahon ng survey, walang karagdagang hakbang ang kinakailangan. Kung makita ang pallid bats sa panahon ng survey, tutukuyin ng kwalipikadong biologist ang naaangkop na agwat na pananatilihin sa paligid ng roost sa panahon ng pagbubuntis (Abril 1 hanggang Hulyo 31). Ang mga sukat ng agwat ay tutukuyin batay sa likas na katangian ng konstruksiyon o mga aktibidad sa pagpapatakbo na iminungkahi malapit sa puno ng roost, ang pagkakaroon ng siksik na halamanan o topograpiya sa pagitan ng mga aktibidad ng Proyekto at ng roost, at anumang iba pang nauugnay na salik. Walang mga bagong aktibidad (ibig sabihin, mga aktibidad na hindi nagpapatuloy noong nagsimula ang panahon ng pagbubuntis) na magaganap sa loob ng agwat sa paligid ng puno ng roost sa panahon ng pagbubuntis.

2. Maiiwasan at malalagyan ng agwat ang mga lugar ng pallid bats, kahit sa labas ng panahon ng pagbubuntis, kung magagawa. Kung hindi magagawa na maiwasan ang pag-alis sa puno ng roost, sa tuwing magagawa ang puno ay dapat na alisin lamang sa labas ng panahon ng pagbubuntis ng roost at sa mga seasonal na panahon ng aktibidad ng paniki, kung kailan ang mga paniki ay pinakamahusay na makakahanap ng mga alternatibong lugar ng roost. Kaya, sa tuwing posible ang pag-alis ng puno ay magaganap lamang sa Agosto 1 hanggang Oktubre 15 o sa Marso. Ang pag-alis sa mga punong ito ay dapat mangyari sa ilalim ng pangangasiwa ng isang kwalipikadong biologist sa pamamagitan ng dalawang yugto na proseso sa loob ng dalawang magkasunod na araw. Sa hapon ng unang araw, ang mga sanga ay dapat alisin sa pamamagitan ng pamutol ng puno gamit ang mga chainsaw lamang. Ang mga limb na may mga cavity, crevices, o deep bark fissures ay dapat iwasan, at tanging ang mga sanga o limbs na walang mga feature na iyon ang dapat alisin. Ang pagkagambala na ito ay magiging sanhi ng pag-alis ng mga paniki sa silid sa gabing iyon. Sa ikalawang araw, ang buong puno ay aalisin.

Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-10b:Kung ang isang puno (o anumang iba pang istruktura) na naglalaman ng maputlang paniki na buntis na roost ay dapat tanggalin bilang bahagi ng Proyekto, ang isang kwalipikadong biologist ay magdidisenyo at tutukoy ng angkop na lokasyon, sa Sargent Ranch, para sa isang alternatibong istruktura ng roost, batay sa lokasyon ng ang orihinal na roost at mga kondisyon ng tirahan sa paligid. Ang istruktura ng roost ay dapat itayo sa mga detalye tulad ng tinutukoy ng isang kwalipikadong biologist, o maaari itong bilhin mula sa isang naaangkop na vendor, kahit na ang disenyo ay dapat na aprubahan ng isang kwalipikadong biologist. Ang istruktura ay dapat ilagay nang malapit sa naapektuhang lugar ng roost hanggang maaari, bagaman ito ay matatagpuan na malayo sa hinaharap na mga aktibidad ng Proyekto upang maiwasan ang pagkagambala ng mga paniki gamit ang roost. Dapat susubaybayan ng Aplikante ang roost sa loob ng tatlong taon o hanggang sa matukoy ang occupancy (anuman ang mauna) upang matukoy ang paggamit ng mga paniki at makapagsumite ng taunang mga ulat na nagpapatunay sa mga resulta ng pagsubaybay sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County.

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
<p>Epekto 3.4-11: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa mga masamang epekto sa mga leon ng bundok at ng kanilang tirahan.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-11:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-4c, 3.4-5b, at 3.4-15.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>
<p>Epekto 3.4-12: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa masamang epekto sa San Francisco dusky-footed woodrats at sa kanilang tirahan.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-12a:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-4b.</p> <p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-12b:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang bago ang anumang paggambala sa lupa, pag-alis ng mga halaman, o iba pang aktibidad sa natural na tirahan para sa pagtatayo o para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina upang matiyak na maiwasan o mababawasan ang mga epekto sa espesyal na katayuan ng mga paniki bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p> <p>Hindi hihigit sa 15 araw bago ang paunang pag-alis ng mga halaman o pagkagambala ng lupa sa loob ng angkop na tirahan para sa dusky-footed woodrat ng San Francisco, para sa bawat yugto ng konstruksiyon at pagmimina, ang isang survey bago ang konstruksiyon para sa mga pugad ng woodrat ay isasagawa ng isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante. Ang survey ay dapat na binubuo ng paglalakad sa lahat ng mga lugar na angkop na tirahan sa loob ng lugar ng trabaho ng Proyekto na naghahanap ng mga woodrat na pugad, kapwa sa lupa at sa mga puno ng oak.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang lahat ng pugad ng woodrat na nakita sa loob ng lugar ng survey ay dapat markahan at imapa. 2. Ang pinakamababang 10-talampakan na agwat ay dapat panatilihin sa pagitan ng mga aktibidad sa pagtatayo ng Proyekto at bawat pugad upang maiwasan ang pagkagambala. Maaaring payagan ang isang mas maliit na agwat kung, sa opinyon ng isang kwalipikadong biologist, ang pag-alis ng pugad ay magiging mas malaking epekto kaysa doon dahil sa mga aktibidad ng Proyekto. 3. Kung ang pag-iwas sa mga pugad ng aktibong woodrat ay hindi magagawa (hal., ang pugad ay nasa lugar ng pagkagambala ng Proyekto) ang mga woodrats ay dapat paalisin sa kanilang mga pugad bago ang pagtanggap sa mga pugad at pagsisimula ng mga aktibidad na nakakagambala sa lupa upang maiwasan ang pinsala o pagkamatay ng mga daga. Ang pagpapaaalis sa woodrats at pagtatanggal sa mga pugad ng woodrat ay dapat magsimula nang hindi mas maaga kaysa sa isang oras bago ang paglubog ng araw upang mapayagan ang woodrats na makatakas sa ilalim ng takip ng takipsilim at maiwasan ang mga mandaragit. Gagambalain ng isang kwalipikadong biologist ang pugad ng woodrat hanggang sa antas na ang lahat ng woodrats ay umalis sa pugad at magkanlong sa labas ng lugar ng aktibidad ng Proyekto. Sa dakong huli, ang mga pugad ay ililipat; ang mga materyales na ito ay titipunin sa isang tarp at pagkatapos ay itatambak sa paanan ng isang kalapit na puno o palumpong sa labas ng lugar na apektado ng aktibidad. Ang agwat sa pagitan ng mga inilipat na pugad ay hindi dapat mas mababa sa 20 talampakan, kung magagawa, upang maiwasan ang labis na pagsisikip. 	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>4. Kung, sa panahon ng pagtatanggal sa pugad ng woodrat, ay makakita ng mga maliliit na woodrats, ang pugad ay maiwan sa lugar. Bibisitahin muli ng mga kwalipikadong biologist ang pugad pagkatapos ng 3 araw upang matukoy kung aktibo pa rin ito, o kung inilipat ng ina ang mga sisiw sa ibang lugar. Kapag natukoy na ang pugad ay hindi aktibo o ang mga sisiw ay sapat na ang laki upang umalis sila nang sila lang, ang pugad ay bubuwagin at ang mga materyales sa pugad ay ililipat.</p>	
<p>Epekto 3.4-13: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa mga masamang epekto sa mga American badgers at ng kanilang tirahan.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-13:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang bago ang anumang paggambala sa lupa, pag-alis ng mga halaman, o iba pang aktibidad sa natural (i.e., hindi pa dinebelop) na tirahan para sa pagtatayo o para sa pagsisimula ng mga aktibidad sa pagmimina at reklamasyon na nauugnay sa bawat bagong yugto ng pagmimina upang matiyak na maiwasan o mababawasan ang mga epekto sa espesyal na katayuan ng mga halaman bilang resulta ng mga aktibidad ng Proyekto.</p> <p>a. Ang mga survey bago ang konstruksyon (nangyayari bago ang lahat ng mga yugto ng paggambala sa lupa o aktibidad ng konstruksiyon sa buong buhay ng Proyekto) na isinasagawa para sa mga naglulungga na kuwago ay dapat ding gamitin upang matukoy ang pagkakaroon o kawalan ng mga badger sa loob ng lugar ng Proyekto, gayundin sa loob ng 300 talampakang agwat sa paligid ng lugar ng Proyekto. Kung ang isang aktibong yungib ng badger ay natukoy sa panahon ng mga survey bago ang konstruksyon, ang agwat na walang konstruksyon na 300 talampakan (o isang alternatibong distansya na tinutukoy ng isang kwalipikadong biologist sa pagsangguni sa CDFW) ay dapat itatag sa paligid ng yungib kung magagawa. Kung ang 300 talampakang agwat ay hindi magagawa, ang kwalipikadong biologist at CDFW ay tutukuyin kung ang isang pinababang agwat ay mas mainam kaysa sa pagpapaalis sa badger (na malamang na ang kaso para sa isang badger).</p> <p>b. Sa panahong Setyembre 1 hanggang sa katapusan ng Pebrero, kapag ang mga maliliit ay malamang na hindi naroroon sa isang lungga, kung matatagpuan ang isang lungga ng badger sa loob ng bakas ng Proyekto, ang lungga ay dapat hukayin ng isang kwalipikadong biologist upang maging sanhi ng paglisan ng badger sa lugar. Dahil kilala ang mga badger na gumagamit ng maraming lungga sa isang kumplikadong lungga para sa pagpaparami, maaaring kailanganin na mahukay ang maraming yungib. Ang paggambala sa lupa ay maaaring magpatuloy lamang pagkatapos mahukay ang lahat ng mga lungga sa loob ng lugar na naapektuhan upang matiyak na walang mga badger na makikita sa ilalim ng lupa/</p> <p>c. Sa panahong Marso 1 hanggang Agosto 31, kapag ang mga maliliit ay maaaring naroroon sa loob ng isang lungga, ang isang biolohikal na tagasubaybay ay dapat na naroroon sa lugar sa panahon ng mga aktibidad ng Proyekto na nagaganap sa loob ng 500 talampakan mula sa anumang kilala o pinaghihinalaang lungga ng badger upang matiyak na sapat ang agwat upang maiwasan ang direktang mga epekto sa mga indibidwal o pag-abandona sa yungib. Ang ganitong pagsubaybay ay dapat mangyari hanggang sa matukoy na ang maliliit ay nasa independiyente nang edad upang ang pagbuo ng Proyekto ay hindi magreresulta sa pinsala sa mga indibidwal na badger. Kapag natukoy na ng biolohikal na tagasubaybay na ang mga maliliit na badger ay nasa hustong gulang na upang umalis sa kanilang yungib na sinilangan o umalis sa lugar, ang mga lungga ay maaaring mahukay, at maaaring magpatuloy ang paggambala sa lupa.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
<p>Epekto 3.4-14: Ang mga aktibidad ng proyekto ay magreresulta sa malaking masamang epekto sa mga nasasakupan na basang lupa, iba pang tubig, at tirahan sa tabing-ilog.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-14a: Bago ang pagpapalabas ng anumang mga permiso sa pagpapaunlad, ang Aplikante sa Proyekto ay dapat magbayad para sa tinantyang pagkawala ng anumang nasasakupan na basang lupain, lawa, sapa, at tirahan sa tabing-ilog na magaganap sa loob ng pinahihintulatang termino ng Proyekto sa pamamagitan ng pagpapanumbalik sa loob o labas ng lugar, paglikha, o pagpapahusay ng katulad o mas mataas na kalidad na tirahan, ang pagbili ng mga kredito sa pagpapagaan, o isang kumbinasyon ng dalawang pamamaraang ito. Dapat tukuyin ng isang kwalipikadong biologist ang lawak ng mga epekto batay sa ektarya ng overlap ng pagtatayo ng Proyekto at mga lugar ng pagpapatakbo/pagmimina sa mga basang lupain, lawa, at tirahan sa tabing-ilog, at ang linear na footage ng daluyan ng sapa sa loob ng mga lugar na naapektuhan ng Proyekto. Ang pinakamababa na 1:1 (sa acre na batayan para sa mga basang lupa, lawa, at tirahan sa tabing-ilog at isang linear footage na batayan para sa mga sapa) na ratio ng kapalit-sa-pagkawala para sa in-kind na tirahan (o katumbas o higit pa gaya ng tinutukoy sa pakikipag-ugnayan sa USACE, CDFW, at RWQCB sa panahon ng pagpapahintulot) ay kinakailangan. Ang pagpapahusay sa mga umiiral at mababang kalidad na tirahan (sa halip na pagpapanumbalik o paglikha) ay katanggap-tanggap kung ang isang malaking pagtaas sa mga paggana at halaga ng ekolohiya ay makakamit, gaya ng tinutukoy ng isang kwalipikadong biologist sa pakikipag-ugnayan sa USACE, CDFW, at RWQCB.</p> <p>Kung ang pagpapagaan ay dapat matugunan sa pamamagitan ng pagbili ng mga kredito sa pagpapagaan sa isang inaprubahang ahensya na bangko ng pagpapagaan, tulad ng Pajaro River Mitigation Bank (para sa mga basang lupain), ang patunay ng pagbili ng mga kredito ay dapat ibigay sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad bago ang simula ng mga aktibidad na nakakagambala sa lupa. Kung ang pagpapagaan ay dapat matugunan sa pamamagitan ng pagpapanumbalik, paglikha, o pagpapahusay ng tirahan na partikular sa Proyekto, ang pagpapagaan ay dapat ilarawan sa isang HMMP, na dapat ihanda ng isang kwalipikadong biologist na pinananatili ng Aplikante at isusumite sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad para sa pagsusuri at pag-apruba bago magsimula ang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa. Sa pinakamababa, kasama sa HMMP ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isang buod ng mga epekto ng Proyekto sa mga nasa hurisdiksyon na tirahan; • Ang lokasyon ng lahat ng mga aktibidad sa pagpapanumbalik, paglikha, o pagpapahusay; • Detalyadong paglalarawan sa lahat ng mga aktibidad sa pagpapanumbalik, paglikha, o pagpapahusay; • Katibayan ng angkop na badyet ng tubig upang masuportahan ang anumang naibalik, nalikha, o pinahusay na tirahang pantubig at tbaing-ilog; • Ang mga species, dami, at lokasyon ng mga halaman na ilalagay sa mga nilikhang tirahan; • Ang oras ng taon para sa pagtatanim at ang paraan para sa karagdagang pagpapatubig sa panahon ng pagtatatag; • Mga aktibidad sa pamamahala at pagpapanatili, tulad ng pagtanggap ng mga mapanakop na halaman, pagbibigay ng pandagdag na tubig, at pagkumpuni sa mga sistema ng paghahatid ng tubig; • Ang panahon ng pagsubaybay, na hindi bababa sa limang taon. • Pamantayan para sa mga pagsisikap na pagpapagaan na ituturing na isang tagumpay; sa pinakamababa, ang tagumpay para sa mga may halamang mga basang lupain at mga tirahan sa tabing-ilog ay magsasama ng hindi bababa sa pitumpu't limang porsyento (75%) na sakop ng katutubong halaman, o pitumpu't limang porsyento (75%) na para sa kaligtasan ng nakatanim o may butil na katutubong halaman sa tabing-ilog, sa loob ng target na acre para sa pagpapagaan sa pagtatapos ng limang taon; • Mga pamamaraan ng umaangkop na pamamahala na tumatanggap sa kawalan ng katiyakan na kasama ng mga proyektong pagpapanumbalik. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, 	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>mga hakbang upang matugunan ang kolonisasyon ng mga mapanakop na species, hindi inaasahang kakulangan ng tubig, labis na paghahanap ng mga nakalagay na halaman ng katutubong buhay-ilap, at variable na mga kondisyon ng klima. Ilalarawan din ng seksyong ito ang proseso kung saan gagawin at ipapatupad ang mga desisyon sa umaangkop na pamamahala;</p> <ul style="list-style-type: none"> Isang paglalarawan sa mga mekanismo sa pananalapi para sa pagpondo sa lahat ng mga aktibidad sa pagsubaybay at pagtiyak na ang mga nilikhang tirahan sa tubigan at tabing-ilog ay mapangalagaan at mapamahalaan nang walang hanggan. <p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-14b:Ang Aplikante ng Proyekto ay dapat magbayad para sa anumang pagkawala ng tirahan sa tabing-ilog na nangyayari sa kahabaan ng Sargent Creek na katabi o nasa ibaba ng agos mula sa Yugto 3 at 4 bilang resulta ng pagbawas sa daloy bilang resulta ng pagmimina. Ang isang baseline na survey ay dapat isagawa bago ang pagsisimula ng anumang paglipat ng lupa sa Yugto 3 at 4 upang maidokumento ang lawak ng lugar na makahoy na halamanan sa tabing-ilog, kabilang ang pagmamapa ng canopy at katutubong understory vegetation nang hiwalay, sa buong abot ng Sargent Creek sa ibaba ng Hukay 3 at 4. Ang pagmamapa ng mga parehong parametro na ito ay isasagawa sa taon kasunod ng pagkumpleto ng reklamasyon sa Yugto 3 at 4 upang matukoy kung ang anumang pagbaba sa kabuuang lawak ng makahoy na riparian canopy o katutubong understory na nasa abot na ito ay naganap at sanhi ng Proyekto. Kung ang anumang pagbaba ay nangyari at dulot ng Proyekto, ang may kabayaranang pagpapagaan ay ibibigay sa pamamagitan ng pagpapalumbalik, paglikha, o pagpapahusay ng tirahan sa tabing-ilog, pagbili ng mga kredito sa pagpapagaan, o kumbinasyon ng dalawang pamamaraang ito tulad ng inilarawan sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-14a (o kung hindi man ay kinakailangan ang magbigay ng katumbas o higit na pagpapagaan ng mga ahensya ng regulasyon bilang isang kondisyon ng mga permit ng Proyekto), maliban na ang kabayaranang pagpapagaan para sa mga pansamantalang pagbabago sa hydrology sa panahon ng pagmimina ay dapat ibigay sa pinakamababang ratio na 1.5:1 (pagpapagaan:epekto), sa batayang ektarya ng pagbaba sa canopy o katutubong understory, alinman ang mas malaki, na naganap mula sa baseline na survey. Ang ratio na ito ay mas mataas kaysa sa 1:1 na kapalit na ratio na tinukoy sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-14a dahil sa pansamantalang pagkawala ng mga paggana ng tirahan sa tabing-ilog at mga halaga na magaganap sa loob ng 20-30 taon at dahil sa mas mataas na kalidad ng tirahan sa kahabaan ng ibaba ng Sargent Creek.</p> <p>Maliban kung ang lahat ng pagpapagaan ay ibinigay sa pamamagitan ng pagbili ng mga kredito mula sa isang bangko ng pagpapagaan, ang isang HMMP na naglalarawan sa partikular sa Proyekto na pagpapagaan sa tirahan sa tabing-ilog ay dapat ihanda kapag ang laki ng epekto ay nalaman (ibig sabihin, pagkatapos makumpleto ang Yugto 3 at 4 na pagmimina) at ang lokasyon ng pagpapagaan ay natukoy. Bukod sa ratio ng pagpapagaan at ang tiyempo ng paghahanda ng HMMP, ang pagpapagaan ay dapat mangyari nang eksakto tulad ng inilarawan sa Hakbang ng Pagpapagaan 3.4-14a.</p>	
<p>Epekto 3.4-15: Ang pagpapatupad ng Proyekto ay makakasagabal nang malaki sa paggalaw ng wildlife.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-15:Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga sumusunod na hakbang upang mabawasan ang mga epekto ng pagtatayo, pagpapatakbo, at reklamasyon ng Proyekto sa paggalaw ng wildlife.</p> <ol style="list-style-type: none"> Ang pagbabakod sa loob at paligid ng lugar ng Proyekto ay dapat idisenyo at iakma upang mapadali ang paggalaw ng wildlife sa paligid ng mga lugar ng masinsinang aktibidad ng Proyekto, tulad ng pagpapadali sa paggalaw sa paligid ng planta ng pagpoproseso. Ang mga lugar kung saan dapat idinisenyo ang bakod upang mapadali ang paggalaw ng wildlife ay kinabibilangan ng pagbabakod sa labas ng gilid ng lugar ng tabing-ilog sa Tar Creek (sa magkabilang panig ng sapa); ang silangang hangganan ng lugar (sa gilid ng umiiral na mga riles ng tren), kabilang ang lugar sa hilaga ng Tar Creek na katabi ng kasalukuyang tirahan; ang katimugang hangganan ng lugar ng planta ng pagpoproseso; at mga lugar mismo sa kanluran at hilagang-kanluran ng lugar ng planta ng pagpoproseso na hindi inookupahan ng aktibidad ng pagmimina. Ang nasabing pagbabakod ay dapat kasama ang mga sumusunod na bahagi. 	<p>Mahalaga at Hindi Maiiwasan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<ol style="list-style-type: none"> a. Ang barbed-wire na bakod ay dapat binubuo ng hindi hihigit sa limang hibla. b. Upang mapadali ang pagtawid ng wildlife sa ibabaw at sa ilalim ng bakod (maliban sa pagbabakod sa paligid ng pangunahing planta, na hindi dapat idinisenyo para sa pagpasok ng wildlife), isang agwat na hindi bababa sa 20 pulgada ang dapat ibigay sa pagitan ng lupa at ng ilalim na alambre, board, o rung upang mapayagan ang mga usa na dumaan sa ilalim ng bakod, at ang itaas na alambre ay dapat na hindi hihigit sa 40 pulgada ang taas upang mapayagan ang mas malalaki na usa na tumalon. c. Kung saan hindi kailangan ang pagbabakod para sa pangangasiwa sa mga hayop, isang makinis (sa halip na barbed) na alambre ay dapat gamitin para sa itaas at/o ilalim na mga hibla. d. Sa pagitan ng hindi hihigit sa bawat 200 talampakan, isang bahagi ng bakod na hindi bababa sa 8 talampakan ang haba na may mga kahoy na poste sa halip na hibla sa tuktok ng alambre ang dapat ipagkaloob upang mabigyang-daan ang mga hayop tulad ng mga abuhing lobo, leon sa bundok, at bobcat na mas madaling tumawid sa bakod. e. Walang bagong bakod ang dapat ilagay sa kahabaan ng daang pasukan o sa paligid ng tulay sa ibabaw ng Tar Creek, maliban sa isang gate upang mabigyang-daan ang kontrol ng pagpasok ng sasakyan sa lugar. <ol style="list-style-type: none"> 2. Ang pagbabakod na hindi bababa sa 10 talampakan ang taas ay dapat ilagay sa paligid ng halos lahat ng planta ng pagproseso hanggang maaari (sa hilagang bahagi katabi ng Tar Creek at hanggang maaari sa silangang bahagi na magagawa sa pagtatayo ng riles), at ang tela na pantakip ay dapat ilagay sa bakod na iyon upang maiwasan ang paglampas ng ilaw at mahadlangan ang nakikitang mga palatandaan ng pisikal na aktibidad (paggalaw ng mga tao at kagamitan) mula sa tanaw ng wildlife sa labas ng planta ng pagproseso. Ang mga detalye at espisipikasyon ng pagbabakod ay dapat isama sa Plano sa Pagbabakod na Akma sa Buhay-ilap (inilalarawan sa itaas) at susuriin at aaprubahan ng Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad. 3. Ang tulay sa ibabaw ng Tar Creek ay dapat na idinisenyo upang maisagad ang bukas na espasyo kung saan maaaring tumawid ang wildlife sa ilalim ng tulay (hal., ang mga puwang sa pagitan ng mga abutment at tuktok ng bangko ay dapat iwanang bukas hanggang maaari). Walang bagong bakod ang dapat idagdag sa o sa paligid ng tulay. Ang mga plano sa pag-inhinyero para sa tulay ng Tar Creek ay dapat ibigay sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad bilang bahagi ng gusali ng planta ng pagpoproseso alinsunod o anumang pagsusumite ng permiso sa pagmamarka, alinman ang mauna. 4. Sa kahabaan ng Old Monterey Road sa pagitan ng junction nito sa U.S. 101 at ng pasukan sa lugar ng Proyekto, ang Aplikante ay dapat maglagay ng mga karatula sa bawat ½ milya na babala sa mga driver upang mabantayan ang mga hayop at masunod ang limitasyon ng bilis, na hindi hihigit sa 25 milya kada oras upang mabawasan ang mga bangga ng sasakyan at mabawasan ang ingay ng sasakyan. Ang nasabing karatula ay dapat ding ilagay sa kahabaan ng conveyor belt na kalsadang pasukan/para sa pagpapanatili, na nagpapahiwatig ng limitasyon sa bilis na hindi hihigit sa 15 milya kada oras. 5. Sa pagitan ng hindi bababa sa bawat 1,000 talampakan, ang conveyor ay itataas upang ang ilalim ng istruktura ng conveyor belt ay hindi bababa sa 8 talampakan sa ibabaw ng lupa upang mapadali ang paggalaw ng mas malalaking hayop sa ilalim ng belt. 	
<p>Epekto 3.4-16: Ang mga aktibidad ng proyekto ay sasalungat sa mga ordinansa at patakaran ng County na nilalayon na protektahan ang mga biolohikal na mapagkukunan.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-16a:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bago ang pag-alis ng anumang oak, o anumang iba pang punong pinoprotektahan sa ilalim ng Seksyon Sec. C16-3 ng County's Tree Preservation and Removal Ordinance, mula sa lugar ng Proyekto, isang 	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>plano sa pag-alis ng puno at ulat ng arborist ang dapat isumite na tumutukoy sa uri ng species, acre, diametro, at dami ng canopy ng mga puno ng oak o iba pang mga protektadong puno na iminungkahi para sa pagtanggap. Ang ulat ay dapat ding magtalaga ng oak na kahuyan bilang mataas ang kalidad o katamtaman ang kalidad para sa mga layuning pagtatatag ng ratio ng pagpapagaan. Ang ulat ng arborist ay dapat ihanda ng isang Sertipikado ng I.S.A. na Arborist, Rehistradong Propesyonal na Forester, o ibang propesyonal na inaprubahan ng Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad. Ang mga ulat ay maaaring isumite nang hiwalay para sa yugto ng konstruksyon at sa yugto ng pagmimina ng Proyekto, bago ang simula ng pagtanggap ng puno sa loob ng bawat yugto.</p> <p>2. Ipatutupad ng Aplikante ang pareho sa sumusunod na dalawang hakbang upang mabayaran ang pagkawala ng anumang tirahang kakahuyan ng oak upang matiyak na sumusunod ito sa Gabay ng Tanggapan ng Pagpapalano ng County ng Santa Clara sa Pagsusuri sa mga Epekto ng Oak na Kahuyan.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanim ng Kapalit ng mga Puno ng Oak. Ang mga bagong puno ng oak ay dapat itanim sa lugar ng Proyekto upang mapalitan ang mga nawawalang oak, bagaman ang pagtatanim ng mga bagong puno ng oak ay hindi makatutupad ng higit sa limampung porsyento (50%) ng kinakailangan sa pagpapagaan para sa Proyekto. Ang layunin ng pagtatanim ng puno ay upang magtatag ng bagong kakahuyan ng oak sa ratio na 2:1 o 3:1 batay sa kondisyon ng tirahang kagubatan ng oak: ang 2:1 na kapalit ay kinakailangan para sa katamtamang kalidad na tirahang kagubatan ng oak; at ang 3:1 na kapalit ay kinakailangan para sa mataas na kalidad na tirahang kagubatan ng oak. Ang mga sumusunod na karaniwang ratio ng pagpapagaan ay dapat gamitin, maliban kung ang ibang ratio ay inaprubahan ng Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad batay sa mga katangiang partikular sa lugar na nauugnay sa mga yugto ng pagmimina: <ul style="list-style-type: none"> ○ Para sa pag-alis ng isang maliit na puno (5 hanggang 18 pulgada): dalawang 24 pulgada na punong nakakahon o tatlong 15 galon na puno. ○ Para sa pag-alis ng 1 katamtaman na puno (18 hanggang 24 pulgada): tatlong 24 pulgada na punong nakakahon o tatlong 15 galon na puno. ○ Para sa pag-alis ng puno na mas malaki sa 24 pulgada: apay na 24 pulgada na punong nakakahon o limang 15 galon na puno. <p>Ang pagpapalit ng puno ay dapat na may katulad na mga species maliban kung ang mga alternatibong species ay inaprubahan ng County. Ang Plano sa Pagtatanim at Pagpapanatili ng Puno ay dapat isumite para sa pagsusuri at pag-apruba ng County na nagpapakita ng mga species, laki, espasyo at lokasyon ng mga pagtatanim at ang lokasyon at uri ng mga naitanim na halaman. Ang mga pagtatanim ng puno ay dapat subaybayan sa loob ng limang taon pagkatapos ng pagtatanim, at kailangan ang survival rate na pitumpu't limang porsyento (75%). Kung ang mga itinanim na puno ay hindi nakakatugon sa itinatag na pamantayan sa pagganap at kaligtasan ng buhay, ang Aplikante sa Proyekto ay may pananagutan para sa mga karagdagang pagtatanim at mga aktibidad sa pamamahala na kinakailangan upang matiyak ang pangmatagalang tagumpay ng mga nakatanim na puno ng pagpapagaan.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapagaan sa Konserbasyon. Para sa pagpapagaan sa mga natitirang epekto sa 	

kagubatan ng oak na hindi nababawasan sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga kapalit na puno ng oak, ang mga umiiral na katutubong puno ng oak sa loob o labas ng lugar ng Proyekto ay dapat protektahan mula sa pagpapaunlad sa hinaharap sa pamamagitan ng isang pagpapagaan sa konserbasyon nang walang hanggan o dedikasyon ng titulo ng bayad sa County o iba pang kwalipikadong entidad na naaprubahan ng County, sa pamamagitan ng pagsasama sa pagpapagaan sa konserbasyon na binanggit sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-4b Ang oak na kakahuyan na inaalok bilang pagpapagaan ay dapat ikumpigura sa paraang pinakamahusay na mapangalagaan ang integridad ng oak ecosystem at mabawasan ang ratio ng gilid sa lugar. Dapat bigyan ng prioridad ang pag-iingat sa tirahan na oak na katabi ng mga umiiral na kakahuyan sa ilalim ng mga pagpapagaan sa konserbasyon, pampublikong lupain, o bukas na puwang na mga lupain. Ang proteksyon ng mga umiiral na kagubatan ng oak sa pamamagitan ng mga pagpapagaan sa konserbasyon ay dapat mabawasan ang pagkawala ng mga oak sa ratio na katumbas ng 2:1 (para sa katamtamang kalidad na tirahang kagubatan ng oak) o 3:1 (para sa mataas na kalidad na tirahang kagubatan ng oak) ayon sa itinakda ng Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County ng Santa Clara. Ang lupang iminungkahi bilang pagpapagaan, kapag tinitingnan kasama ng katabing protektadong lupain ng konserbasyon, ay hindi dapat magresulta sa mga kinokonserbang bahagi na mas mababa sa isang acre.

Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-16b: Ang Aplikante ay dapat magbigay ng pagpapagaan upang mapalitan ang mga epekto sa mga puno ng ordinansa bilang pagsunod sa Seksyon Sec. C16-7 ng Ordinansa sa Pangangalaga at Pagtanggap ng Puno ng County. Ang pagpapagaan na ibinigay ayon sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-16(2) para sa pagpapalit ng puno ng oak ay makakatugon sa mga kinakailangan sa pagpapagaan para sa mga epekto sa mga puno ng oak na kasinglaki ng nakasaad sa ordinansa. Para sa iba pang uri ng puno, ang Aplikante ay maghahanda ng muling pagtatanim at/o muling pagtatanim na plano para sa lahat ng mga punong kasinglaki ng nakasaad sa ordinansa ay aalisin. Ang mga kapalit na puno ay dapat na may katulad na uri at species ng puno na inalis, kung katutubo at magagawa, o ng isang uri at species ng hayop na tutukuyin ng Departamento ng Pagpapalano. Ang (mga) kapalit na puno ay hindi kailangang nasa parehong lokasyon ng punong inalis, ngunit ang mga kapalit na puno ay itatanim sa isang lugar sa Sargent Ranch. Ang kapalit na laki at ratio ng puno ay ang mga sumusunod:

- Para sa pag-alis ng isang maliit na puno (5 hanggang 18 pulgada): dalawang 24 pulgada na punong nakakahon o tatlong 15 galon na puno.
- Para sa pag-alis ng 1 katamtaman na puno (18 hanggang 24 pulgada): tatlong 24 pulgada na punong nakakahon o tatlong 15 galon na puno.
- Para sa pag-alis ng puno na mas malaki sa 24 pulgada: apat na 24 pulgada na punong nakakahon o limang 15 galon na puno.

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
Epekto 3.4-17: Ang mga aktibidad ng Proyekto ay maaaring mag-ambag sa pinagsama-samang pagkawala ng mga species ng halaman na may espesyal na katayuan.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-17: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-1a, b, at c.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.4-18: Ang iminungkahing Proyekto ay maaaring makaambag sa sama-samang pagtaas sa mga emisyon ng nitrogen na maaaring magresulta sa mga masamang epekto sa tirahan para sa Bay checkerspot na paro-paro at sa mga bibihirang halaman na nauugnay sa serpentine na matatagpuan sa labas ng lugar.	Hindi kinakailangan.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.4-19: Ang mga aktibidad sa proyekto ay maaaring makapag-ambag sa pinagsama-samang pagkasira ng tirahan para sa mga isdang may espesyal na katayuan.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-19: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-3.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.4-20: Ang mga aktibidad sa proyekto ay maaaring makapag-ambag sa pinagsama-samang pinsala sa mga protektadong terrestrial na species at pagkawala ng kanilang mga tirahan.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-20: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-1c, 3.4-4a hanggang 3.4-4c, 3.4-5a at 3.4-5b, 3.4-6, 3.4-7, 3.4-8a at 3.4-8b, 3.4-9, 3.4-10a at 3.4-10b, 3.4-11, 3.4-12a at 3.4-12b, at 3.4-13.	Mas mababa sa Makabuluhan

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
Epekto 3.4-21 Ang mga aktibidad ng Proyekto ay maaaring makapag-ambag sa pinagsama-samang pagkawala ng mga nasasakupan na basang lupain, iba pang tubigan, at tirahan sa tabing-ilog.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-21: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-1c, 3.4-1c, 3.4-14a at 3.4-14b.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.4-22: Ang mga aktibidad ng Proyekto ay maaaring makapag-ambag sa pinagsama-samang pagkapinsala ng mga tumatawid na wildlife.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-22: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-15.	Mahalaga at Hindi Maiiwasan
Epekto 3.4-23: Ang mga aktibidad ng Proyekto ay maaaring makapag-ambag sa pinagsama-samang pagkawala ng mga oak at kagubatan ng oak.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-23: Dapat ipatupad ng Aplikante ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-1c, 3.4-16a, at 3.4-16b.	Mas mababa sa makabuluhan
Mga Yamang Kultural at Kultura ng Tribu		
Epekto 3.5-1: Ang proyekto ay magdudulot ng malaking masamang pagbabago sa kahalagahan ng mga kilalang makasaysayan o arkeolohikal na yaman.	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1</p> <p>a. Pag-iwas/Proteksyon sa Mapagkukunan.Ang mga kalsadang ginagamit ng Proyekto, tulad ng mga kasalukuyang kalsada na tumatawid sa mga natukoy na mapagkukunan (CA-SCL-577/H at CA-SCL-578/H) sa panahon ng konstruksyon, operasyon, at reklamasyon. Kung ang mga mapagkukunan ay hindi maiiwasan, ngunit ang grading ay dapat limitahan sa pamamagitan ng paggamit ng mga matibay na materyales upang matiyak na ang pagkasira ng mga sasakyan sa ibabaw ng kalsada ay hindi makaistorbo sa kalsada at makapinsala sa mga arkeolohikal na deposito, o mga nailibing na matatagpuan sa ilalim. Walang paggambala sa lupa sa ibaba ng kasalukuyang grado ang dapat mangyari. Bukod dito, ang bakod ay dapat gamitin upang maiiwasan ang mga sasakyan na umalis sa mga pasukang daanan kung saan ang mga ito ay katabi ng mga natukoy na lugar ng mapagkukunan. Ang Aplikante ay dapat magsumite ng mga plano sa proteksyon ng arkeolohikal at makasaysayang yaman sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad para sa pagsusuri at pag-apruba bago ang anumang pagtatayo ng proyekto.</p> <p>b. Archaeological Testing Program for Known and Unrecorded Resources. Para sa mga lugar kung saan magaganap ang paggambala sa lupa, ang Aplikante ay dapat magpanatili ng isang kwalipikadong arkeolohikal na tagapayo upang maghanda ng isang Archaeological Testing Program (ATP) na sumasaklaw sa bawat isa sa tatlong yugto ng proyekto: konstruksyon, pagmimina, at reklamasyon. Dapat tukuyin ng ATP ang uri ng mga mapagkukunang arkeolohikal na posibleng magambala ng iminungkahing Proyekto, ang paraan ng pagsubok na gagamitin, at ang mga lokasyong inirekomenda para sa pagsubok batay sa pagmapa sa pagkasensitibo para sa mga lugar na natukoy na may mataas hanggang pinakamataas na pagkasensitibo, at gayundin ang lokasyon ng mga kilalang mapagkukunan. Ang layunin ng ATP ay upang matukoy kung may mga arkeolohikal na materyales ang naroron at suriin kung ang mga materyales ay bumubuo ng isang makasaysayang mapagkukunan. Ang ATP ay magpopokus sa mga lugar na mataas hanggang sa pinakamataas ang pagkasensitibo, gayundin ang mga nasa paligid ng CA-SCL-578/H, at ilalapat sa lahat ng yugto ng proyekto. Ang paggambala ay hindi dapat mangyari sa mga lugar kung saan natukoy ang mga bagong natuklasang makabuluhang yaman ng kultura; Ang mga bagong natuklasang makabuluhang yaman ng kultura ay dapat iwasan kung magagawa, na may recovery lamang ng datos kung ang pag-iwas ay hindi magagawa, naaayon sa mga Alituntunin ng CEQA § 15126.4(b).</p> <p>Ang Aplikante ay dapat magsumite ng draft ATP sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad at sa isang itinalagang kinatawan ng Amah Mutsun Tribal Band para sa pagsusuri. Ang kinatawan ng County at Tribu ay dapat magkaroon ng 45 araw upang suriin at magkomento sa draft ATP.</p>	Mas mababa sa Makabuluhan

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>Ang kwalipikadong tagapayo sa arkeolohikal ay dapat i-update ang draft ATP upang maisama ang mga nauugnay na komento at muling magsumite ng pinal na ATP sa kinatawan ng County at Tribu. Ang pagsubok ay hindi magsisimula hanggang hindi inaaprubahan ng Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad ang panghuling ATP.</p> <p>Ang pagsusuri ay dapat isagawa ng tagapayo sa arkeolohikal at inoobserbahan ng isang tagasubaybay na itinalaga ng Amah Mutsun Tribal Band alinsunod sa naaprubahang Archaeological Monitoring Program (AMP), gaya ng inilarawan pa sa Hakbang sa Pagpapagaan 3.4-1c.</p> <p>Sa pagkumpleto ng mga aktibidad na nauugnay sa ATP, ang tagapayo sa arkeolohikal ay dapat magsumite ng nakasulat na ulat ng mga natuklasan sa County ng Santa Clara sa Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad at kinatawan ng Tribu para sa pagsusuri. Kung, batay sa ATP, nalaman ng tagapayo sa arkeolohikal na may mga potensyal na kwalipikadong arkeolohikal na yaman, dapat sumangguni (bilang bahagi ng isang personal na pagpupulong o pagtawag na kumperensya) ang tagapayo sa arkeolohikal sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad at sa Kinatawan ng Tribu upang matukoy kung ang mga karagdagang hakbang ay ginagarantiyahan sa panahon ng pagsubok. Ang mga karagdagang hakbang na maaaring isagawa ay kinabibilangan ng mga espesyal na pamamaraan ng pagsusuri sa arkeolohiko at/o isang programa sa pagbawi ng arkeolohikal na datos.</p> <p>c. Programang Pagsubaybay sa Archaeolohikal para sa mga Kilala at Hindi Nakatalang Yaman. Pagkatapos makumpleto ang ATP, ang Aplikante ay maghahanda at ang Department ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad ay magpapatupad ng isang Archaeological Monitoring Program (AMP) sa pagsangguni sa tagapayo sa archaeolohikal at sa kinatawan ng Tribu. Kasama sa AMP ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bago ang anumang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa na may kaugnayan sa pagbuo ng Proyekto sa buong buhay ng Proyekto, kabilang ang mga daan, ang free-span na tulay sa Tar Creek, mga lugar ng pagmimina, at mga pasilidad sa pagproseso, ang mga sumusunod ay dapat mangyari: <ol style="list-style-type: none"> i. Ang County, sa pagsangguni sa tagapayo sa arkeolohikal at kinatawan ng Tribu, ay dapat tukuyin kung anong mga aktibidad ng Proyekto ang susubaybayan. ii. Ang lahat ng aktibidad na nakakagambala sa lupa (sa labas ng mga lugar na may mababang pagkasensitibo ng Yugto 1 at 2), tulad ng demolisyon, paghuhukay, pag-grading, paglalagay ng mga gamit, atbp., ay mangangailangan ng arkeolohikal at pagsubaybay ng Katutubong Amerikano dahil sa panganib na idudulot ng mga aktibidad na ito sa potensyal na nailibing na arkeolohikal na mapagkukunan at sa kanilang konteksto ng pagkadeposito. • Ang tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay dapat italaga/aaprubahan ng Amah Mutsun Tribal Band upang subaybayan ang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa sa gastos ng tagapagtaguyod ng Proyekto. Ang mga tuntunin ng pagsubaybay ng Katutubong Amerikano ay dapat matukoy bago ang pagsisimula ng mga aktibidad sa pagsubaybay, kabilang ang mga kinakailangan para sa paunang abiso ng mga lugar na aabalihin at mga probisyon kung ang wala ang itinalagang tagasubaybay. Ang tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay dapat aabisuhan nang hindi bababa sa 30 araw bago ang pagsisimula ng konstruksyon, at hindi bababa sa 14 na araw bago kung kailan at saan magaganap ang bagong paggambala sa lupa. Ang tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay dapat naroroon sa lahat ng oras na ang arkeolohikal na tagasubaybay ay naroroon, maliban kung ang tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay nagpasiya na ang kanyang presensya ay hindi kinakailangan sa isang partikular na lokasyon. Kung ang tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay hindi dumating o hindi naroroon ayon sa nakaiskedyul, maaaring magpatuloy ang gawain ng proyekto sa kawalan ng tagasubaybay. 	

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<ul style="list-style-type: none"> ● Ang arkeolohikal na tagasubaybay at tagasubaybay na Katutubong Amerikano ay dapat payuhan ang mga kontratista ng Proyekto na maging alerto para sa ebidensya ng mga yamang arkeolohikal, kung paano tukuyin ang mga yamang archaeolohikal, at ang naaangkop na protokol kung sakaling matuklasan ang isang yamang arkeolohikal. ● Ang arkeolohikal na tagasubaybay at Katutubong Amerikano na tagasubaybay monitor ay dapat naroroon sa lugar ng Proyekto ayon sa isang iskedyul na napagkasunduan ng tagapayo sa arkeolohikal at County (karaniwan ay sa panahon ng mga aktibidad na nakakagambala sa lupa) hanggang ang County ay, sa pagsangguni sa tagapayo ng Proyekto sa arkeolohikal at kinatawan ng Tribu, nagpasiya na ang mga aktibidad sa pagtatayo ng Proyekto sa partikular na lugar na magagambala ay maaaring walang epekto sa mga makabuluhang mga depositong arkeolohikal. ● Ang arkeolohikal na tagasubaybay ay dapat na magtala at bigyan ng awtorisasyon na mangolekta ng mga sampol ng lupa at materyales ng arkeolohikal o historikal na interes bilang kinakailangan para sa pagsusuri. ● Kung ang nakatagpo ng buo na arkeolohikal na deposito, ang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa sa paligid ng deposito ay ititigil. Pansamantalang babaguhin ng arkeolohikal na tagasubaybay ang direksyon ng mga aktibidad na nakakagambala sa lupa hanggang sa masuri ang deposito. Ang arkeolohikal na tagapayo ay dapat agad na ipaalam sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad na nakatagpo ng arkeolohikal na deposito. Ang archaeolohikal na tagapayo ay dapat gumawa ng makatwirang pagsisikap upang masuri ang pagkakakilanlan, integridad, at kahalagahan ng nakatagpo na arkeolohikal na deposito, at ipakita ang mga natuklasan ng pagtatasa na ito sa isang ulat na isinumite sa kinatawan ng County at Tribu. Kung matuklasan ang mga arkeolohikal na mapagkukuna na may kaugnayan sa mga Katutubong Amerikano, agad na aabisuhan ng arkeolohikal na tagasubaybay ang Tagakoordina ng County sa mga Ugnayan ng Indiano. <p>Ang draft na AMP ay dapat isumite sa Departamento ng County sa Pagpapalano at Pagpapaunlad at sa isang itinalagang kinatawan ng Amah Mutsun Tribal Band para sa pagsusuri. Ang kinatawan ng County at Tribu ay magkakaroon ng dalawang linggo upang suriin at magkomento sa draft AMP. Ang kwalipikadong tagapayo sa arkeolohikal ay dapat i-update ang draft AMP upang maisama ang mga nauugnay na komento at muling magsumite ng panghuling AMP sa kinatawan ng County at Tribu. Hindi magsisimula ang pagsubok hanggang hindi naaprubahan ng County ang panghuling AMP.</p> <p>d. Archaeological Data Recovery Program for Known and Unrecorded Resources Kung ang isang karapat-dapat na arkeolohikal na mapagkukunan ay natukoy na naroroon bilang bahagi ng ATP o AMP, ang Aplikante ay magpapatupad ng plano sa pagbawi ng arkeolohikal na datos (ADRP) na ihahanda ng Aplikante. Ang arkeolohikal na tagapayo, kawani ng Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County, at kinatawan ng Amah Mutsun Tribal Band ay dapat sumangguni (bilang bahagi ng isang kumperensyang pagtawag o personal na pagpupulong) sa saklaw ng ADRP bago ang paghahanda ng isang draft ADRP.</p> <p>Ang ADRP ay dapat naaayon sa mga kinakailangan ng mga Alituntunin CEQA Seksyon 15126.4(b)(3). Dapat nitong tukuyin kung paano papanatilihin ng iminungkahing programa sa pagbawi ng datos ang may-katurang impormasyon na nilalaman ng arkeolohikal na mapagkukunan, tukuyin kung anong mga pang-agham/pang-kasaysayang pananaliksik na mga katanungan ang naaangkop sa mapagkukunan, kung anong mga klase ng datos ang taglay ng mapagkukunan, at kung paano tutugunan ng mga klase ng datos ang mga naaangkop na katanungan sa pananaliksik. Ang mga mapanirang paraan ng pagbawi ng datos ay hindi dapat ilapat sa mga bahagi ng mga mapagkukunang arkeolohikal kung praktikal ang mga pamamaraang hindi mapanira. Kasama rin sa saklaw ng ADRP ang mga sumusunod na elemento:</p>	

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Kabuluhan pagkatapos ng Pagpapagaan
	<ul style="list-style-type: none"> ● Mga paglalarawan sa mga iminungkahing estratehiya sa larangan, pamamaraan, at operasyon; ● Mga karagdagang hakbang na dapat gawin kung ang mga mapagkukunan ng Katutubong Amerikano ay mahukay; ● Paglalarawan sa napiling sistema ng pag-catalog at mga pamamaraan ng pagsusuri ng artifact; ● Paglalarawan at katwiran para sa mga patakaran sa pagtapon at pag-deaccess sa field at post-field; ● Pagsasaalang-alang ng isang pampublikong pagpapakahulugan na programa sa labas ng lugar sa panahon ng kurso ng ADRP; ● Inirerekomenda ang mga hakbang sa seguridad upang maprotektahan ang arkeolohikal na mapagkukunan mula sa paninira, pagnanakaw, at mga aktibidad na hindi sinasadyang mapanira; ● Paglalarawan sa iminungkahing format ng huling ulat at pamamahagi ng mga resulta; at ● Paglalarawan sa mga pamamaraan at rekomendasyon para sa curation ng anumang nakuhang datos na may potensyal na halaga sa pananaliksik, pagkakakilanlan ng mga naaangkop na pasilidad ng curation, at isang buod ng mga patakaran sa pag-access ng mga pasilidad ng curation. <p>Ang draft ADRP ay dapat isumite sa isang itinalagang kinatawan ng Amah Mutsun Tribal Band at sa Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County para sa pagsusuri. Ang kinatawan ng Tribu at County ay magkakaroon ng dalawang linggo upang suriin at magkomento sa draft ng ADRP. Ang kwalipikadong tagapayo sa arkeolohikal ay dapat i-update ang draft ADRP upang maisama ang mga nauugnay na komento at muling magsumite ng panghuling ADRP sa kinatawan ng County at Tribu. Hindi magsisimula ang pagbawi ng datos hanggang hindi naaprubahan ng County ang panghuling ADRP.</p> <p>e. Final Archaeological Resources Report for Known and Unrecorded Resources. Dapat panatilihin ng Aplikante ang mga serbisyo ng arkeolohikal na tagapayo, na magsusumite ng Draft Final Archaeological Resources Report (FARR) sa Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng County na naglalarawan sa makasaysayang kahalagahan ng mga natuklasang arkeolohikal na yaman at naglalarawan sa mga pamamaraan ng arkeolohikal at historikal na pananaliksik na ginamit sa arkeolohikal na mga programa sa pagsubok/pagsubaybay/pagbawi ng datos na isinagawa. Ang impormasyon na maaaring maglagay sa panganib (tulad ng mga lokasyon ng yaman) anumang arkeolohikal na yaman ay dapat ibigay sa isang hiwalay na naaalis na nakalaki sa loob ng huling ulat. Sa sandaling maaprubahan ng County, ang mga kopya ng FARR (kabilang ang anumang pormal na mga form ng pagtatala ng lugar at/o dokumentasyon para sa nominasyon sa National Register of Historic Places at California Register of Historic Resources) ay dapat ipamahagi sa California Archaeological Site Survey Northwest Information Center, County ng Santa Clara na Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad, at kinatawan ng Tribu.</p>	
<p>Epekto 3.5-2: Ang pagpapatupad sa iminungkahing Proyekto ay maaaring makapinsala sa hindi naitalang subsurface prehistoric at historic na mga yamang arkeolohikal.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-2:Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
<p>Epekto 3.5-3: Maaaring abalain ng Proyekto ang labi ng sinumang tao, kabilang ang mga inilibing sa labas ng mga nakatalagang sementeryo.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-3a:Ipatupad ang Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1.</p> <p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-3b:Kung sakaling matuklasan ang mga labi ng tao sa mga aktibidad na nakakagambala sa lupa at/o pagpatag sa lugar, ihihinto ng Aplikante ang lahat ng aktibidad sa loob ng 50 talampakang radius mula sa natuklasan. Aabisuhan kaagad ang Coroner ng County at gagawa ng pagpapasiya kung ang mga labi ay mula sa Katutubong Amerikano o kung kinakailangan ang pagsisiyasat sa sanhi ng kamatayan (tulad ng hinihiling ng Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 7050.5, Pamantayan sa mga Mapagkukunan ng Publiko Seksyon 5097.98, Pamagat 14 Pamantayan ng California sa mga Regulasyon Seksyon 15064.5(e), at Ordinansa ng County Bilang B6-18). Kung ang mga labi ay natukoy na Katutubong Amerikano, aabisuhan ng Coroner ang NAHC sa loob ng 24 na oras ng pagpapasyang ito. Sa sandaling matukoy ng NAHC ang mga pinaka-malamang na inapo, ang mga inapo ay gagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa wastong paglilibing (kabilang ang pagtrato sa mga libingan). Walang karagdang abala sa lugar ang dapat gawin maliban kung pinahintulutan ng Tagakoordina ng County sa mga Ugnayang Pang-Indiano at NAHC alinsunod sa mga probisyon ng batas ng estado at ng Ordinansa ng County.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>
<p>Epekto 3.5-4: Ang proyekto ay magdudulot ng malaking masamang pagbabago sa kahalagahan ng mga yamang pangkultura ng tribo.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-4a:Ipatupad ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1 at 3.5-3b.</p> <p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-4b:Upang bahagyang mabawi at mapalitan ang mga epekto sa tatlong partikular na TCR, at para mapalitan ang pagkawala at pagkagambala ng mga bahaging iyon ng pisikal na tanawin ng JTCL na nasa loob ng lugar ng Proyekto, ang may-ari/aplikante ng ari-arian ay dapat magtala ng pagpapagaan sa konserbasyon alinsunod sa na Kodigo Sibil seksyon 815 et seq. Ang pagpapagaan sa konserbasyon ay dapat sabihin ng may-ari/aplikante ng ari-arian sa anumang entidad na tinukoy sa Kodigo Sibil seksyon 815.3, at patunayan ng County bago ang anumang paggambala sa lupa. Ang pagpapagaan sa konserbasyon ay dapat magsama ng hindi bababa sa dalawang ektarya para sa bawat isang ektarya na nagambala ng Proyekto (ang kabuuang nagambala na ektarya ng Proyekto ay 403.3 ektarya), at dapat isama ang mismong lugar ng Proyekto pagkatapos makumpleto ang reklamasyon. Bukod dito, ang pagpapagaan ng konserbasyon ay dapat isama ang isang lugar sa labas ng lugar ng Proyekto na maihahambing ang laki sa acre na nagambala ng Proyekto. Ang mga hangganan sa labas ng pagpapagaan o easement ay tutukuyin ng County sa pagsangguni sa Amah Mutsun Tribal Band, at dapat isama ang mga lugar at/o mga mapagkukunan na partikular na mahalaga sa kanilang kontribusyon sa JTCL, tulad ng natukoy na mga yaman ng kultura ng tribo, mga riparian na lugar at/o mga partikular na puno ng oak.</p> <p>Dapat ipagbawal ng pagpapagaan ng konserbasyon ang lahat ng paggamit at pagpapaunlad na hindi pa legal na nagaganap bago ang pag-apruba ng Proyekto, maliban sa mga aktibidad sa pagpapanumbalik ng kapaligiran, kabilang ang mga hakbang sa pagpapagaan sa kompensasyon ng biolohikal na mapagkukunan na tinukoy sa EIR na ito at pagpapanumbalik ng JTCL, na maaaring payagan sa naaangkop na pag-apruba at pahintulot ng pamahalaan. Alinsunod sa Pamantayan sa mga Pamublikong Mapagkukunan seksyon 21084.3(b)(3), titiyakin ng hakbang ito sa pagpapagaan na ang lupain sa loob ng pagpapagaan ng konserbasyon ay lubos na napangalagaan at/o naibabalik sa kasalukuyan nitong natural na kalagayan, at sa gayon ay mapipigilan ang pag-unlad o pagkagambala mula sa mga bagong gamit na maaaring makaapekto nang masama sa JTCL.</p>	<p>Mahalaga at Hindi Maiiwasan</p>
<p>Epekto 3.5-5: Ang proyekto ay magdudulot ng malaking masamang pagbabago sa kahalagahan ng Juristac Tribal Cultural Landscape.</p>	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-5a: Ipatupad ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1, 3.5-3b at 3.5-4b.</p>	<p>Mahalaga at Hindi Maiiwasan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
	<p>Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-5b:Bago ang pagsisimula ng anumang pag-alis ng mga halaman o pagkagambala sa lupa, ang Aplikante sa Proyekto ay dapat maghanda at magsumite, sa kasiyahan ng Direktor ng Pagpapalano, o ang itinalaga ng Direktor, ng ebidensya na ang mga sumusunod na aksyon ay natugunan:</p> <ol style="list-style-type: none"> i. Pagkatapos humingi ng konsultasyon sa Amah Mutsun Tribal Band (AMTB), ayusin ang listahan ng halaman na ibinigay sa Appendix F ng Gathering Voices Past and Present (2021) upang matukoy ang mga halaman na nakakatulong sa kahalagahan ng JTCL bilang isang Yaman sa Kultura ng Tribu, at na maaaring naroroon sa loob ng lugar ng Proyekto. ii. Maghanda ng survey sa lugar ng Proyekto upang matukoy ang mga species ng halaman na natukoy sa listahan ng halaman. iii. Tukuyin ang lawak ng mga epekto ng Proyekto batay sa bilang ng mga indibidwal na naapektuhan at ang acre ng tirahan na inookupahan ng bawat species ng halaman sa listahan ng halaman. Ang survey ay isasagawa ng isang kwalipikadong biologist ng halaman. iv. Uri o species ng halaman: <ol style="list-style-type: none"> (a) Para sa mga species sa species ng halaman na pederal din o nakalista sa estado na espesyal ang katayuan na species ng halaman, ipatupad ang Hakbang ng Pagpapagaan 3.4-1, na nangangailangan ng may kabayang pagpapagaan para sa pagkawala ng mga espesyal ang katayan na halaman. (b) Para sa mga species sa listahan ng halaman na hindi federal o nakalista sa estado na espesyal ang katayuan, ang may kabayang pagpapagaan ay dapat ibigay sa pamamagitan ng pangangalaga at pamamahala ng isa pa, umiiral na loob o labas ng lugar na populasyon sa loob ng hangganan ng JTCL. Ang tirahan na inookupahan ng mga apektadong species ay dapat pangalagaan at pangasiwaan nang walang hanggan sa pinakamababa ang 1:1 na mitigation ratio (hindi bababa sa isang halaman na napreserba para sa bawat halaman na apektado, at hindi rin bababa sa isang inookupahang ektarya na napreserba para sa bawat inookupahang ektaryang apektado para sa species ng halaman). v. Bilang karagdagan sa pangangalaga sa 1:1 tulad ng inilarawan sa 3.5-5b.iv, ang lugar ng pagpapanumbalik ay dapat pagandahin sa pamamagitan ng paglipat ng mga indibidwal na halaman o buto mula sa lugar ng Proyekto kung naaangkop. vi. Ang mga species ng halaman sa mga lugar ng pangangalaga ay dapat subaybayan gamit ang partikular, obhetibo na panghuling pamantayan at pamantayan sa pagganap, mga pamamaraan ng pagsubaybay, pagsusuri ng datos, mga kinakailangan sa pag-uulat, at iskedyul ng pagsubaybay. Sa pinakamababa, ang pamantayan sa pagganap ay dapat magsama ng pagpapakita na ang anumang pagbabagu-bago sa populasyon ng halaman sa panahon ng pagsubaybay ay hindi nagpapahiwatig ng pababang direksyon sa mga tuntunin ng pagbawas sa mga numero at/o lugar na inookupahan para sa napreserbang populasyon sa pagpapagaan na maaaring maiugnay sa pamamahala (hal., na hindi resulta ng mga lokal na pattern ng lagay ng panahon, na tinutukoy ng pagsubaybay sa isang malapit na sangguniang populasyon, o iba pang mga salik na walang kaugnayan sa pamamahala). 	
<p>Epekto 3.5-6: Ang Proyekto ay maaaring mag-ambag sa pinagsama-samang masamang pagbabago sa mga kilalang makasaysayan o arkeolohikal na yaman.</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-6:Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>
<p>Epekto 3.5-7: Ang Proyekto ay maaaring mag-ambag sa pinagsama-samang masamang pagbabago sa mga hindi nakatala na subsurface na prehistoric at makasaysayan na arkeolohikal na yaman</p>	<p>Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-7:Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1.</p>	<p>Mas mababa sa Makabuluhan</p>

TALAHANAYAN S-1 (IPINAGPATULOY)
BUOD NG MGA EPEKTO AT MGA HAKBANG SA PAGPAPAGAAN

Epekto sa Kapaligiran	Mga Hakbang sa Pagpapagaan	Antas ng Halaga pagkatapos ng Pagpapagaan
Epekto 3.5-8: Maaaring makaambag ang Proyekto sa pinagsama-samang pagkagambala ng mga labi ng tao, kabilang ang mga inilibing sa labas ng mga nakatalagang sementeryo.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-8: Ipatupad ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1 at 3.5-3b.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.5-9: Ang Proyekto ay maaaring mag-ambag sa pinagsama-samang masamang pagbabago sa kahalagahan ng yaman sa kultura ng tribu.	Mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-9: Ipatupad ang mga Hakbang sa Pagpapagaan 3.5-1 at 3.5-3b, 3.5-4b at 3.5-5b.	Mahalaga at Hindi Maiiwasan
Enerhiya		
Epekto 3.6-1: Ang konstruksyon, pagpapatakbo at pagpapanatili, at reklamasyon ng Proyekto ay magdaragdag sa paggamit ng mga mapagkukunan ng enerhiya, ngunit hindi magreresulta sa makabuluhang aksaya, hindi mahusay, o hindi kinakailangang pagkonsumo ng enerhiya.	Hindi kinakailangan.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.6-2: Angkonstruksyon, pagpapatakbo at pagpapanatili, at reklamasyon ng Proyekto ay maaaring sumalungat o makahadlang sa estado o lokal na plano para sa nababagong enerhiya o kahusayan sa enerhiya.	Hindi kinakailangan.	Mas mababa sa Makabuluhan
Epekto 3.6-3: Ang Proyekto ay maaaring mag-ambag sa pinagsama-samang pagtaas ng paggamit ng enerhiya.	Hindi kinakailangan.	Mas mababa sa Makabuluhan
